Bawal labagin ang mga Ipinagbabawal sa Ihram

"Mahdhurat Al-Ihram"

Ipinagbabawal	م
Pagtanggal ng buhok mula sa ulo o sa ibang bahagi ng katawan.	1
Pagputol ng Kuko	2
Paggamit ng Pabango	3
Ang pakikipaglambingan sa asawa *(o gawaing maaaring mauwi sa pakikipagtalik)*	4
Pagpatay ng mailap na Hayop	5
Pagpapakasal	6
Pakikipagtalik	7
Pagsuot ng mga nakatahi (para sa mga lalaki)	8
Pagtakip sa Ulo (para sa mga lalaki)	9
Pagsuot ng Niqab (para sa mga babae)	10
Pagsuot ng guwantes sa kamay (para sa mga babae)	11

(1) - Kapag nagtatakda ang isang nagsasagawa ng hajj o umrah at hindi niya kayang kumpletuhin ang mga Gawain sa nusuk (mga Gawain nakatakda sa hajj at umrah) hindi siya magkakasala dito, at kapag hindi siya nagtatakda at hindi niya kayang kumpletuhin ang mga Gawain sa nusuk ang hatol sa kanya ay gaya ng Almuhsir (ang nahadlangan dahilan para hindi niya makumpleto ang kanyang hajj o umrah at obligado sa kanya magkatay ng hayop).

(2) - Pamamaraan sa pagbigkas ng Talbiyyah : *(Labbaykallahumma Labbayk, Labbayka La Sharika Laka Labbayk Innal Hamda Wan Ni'mata Laka Wal Mulk La Sharika Lak)*

* Paalala sa pagsasagawa ng Tawaf at Sae'y:
Narapat sa isang muslim habang siya ay nagsasagawa ng tawaf at sa'y magkroon ng pangamba, pagpapakumbaba at katiwasayan, at dinadama ng kanyang puso ang kadakilaan ng nagmamay-ari sa banal na bahay habang nagsasagawa siya ng tawaf, at narapat na magsikap siyang manalangin, gumunita kay Allah at magbasa ng Qur'an.

Inihanda ni:


Yaseer Bin Muhammad Al-fahaid

ALFAHAID@GMAIL.COM

Sinuri ni:

Shiekh Dr.Saad Bin Turki Al-khathlan

(Faculty member ng pagtuturo sa Imam University 2012– 1433










فلبيني
Filipino

عمرتي

ANG AKING UMRAH

" Magaan at Madaling Pamamaraan "

إعداد : ياسر بن محمد الفهيد



@ARRAWDAH

ANG PAMAMARAAN SA PAGSASAGAWA NG UMRAH NA MAY PAGPAPALIWANAG AT HATOL SA BAWAT GAWAIN

No.	Gawain	Pagpapaliwanag			Hatol Kapag Nilabag
		No.	Hatol	Gawain	
Una	UNANG (HALIGI) IHRAM Ito ang layunin ng pagpasok sa Nusuk	1	Sunnah	Ang pagpapaligo at paglilinis, ang pagpapabango para sa mga lalaki lamang bago pumasok sa Nusuk.	Walang parusa kapag nilabag
		2	Sunnah	Sa ihram susuotin ng lalaki ang Izar at Rida na puti at malinis ngunit ang babae ay magsusuot ng anumang nais nila ng walang palamuti at ayon sa islamikong kasuutan ng babae.	Walang parusa kapag nilabag
		3	Wajib	Ang paghayag ng layunin sa pagsapit sa Meeqat at pagsasabi ng (Labbayka Umrah) o di kaya ay (Allahumma Labbayka Umrah).	Babalik siya sa Meqaat at magbabayad siya ng Fidyah.
		4	Sunnah	Ang pagpasok sa Nusuk pagkatapos ng salah, kung oras ng obligadong salah o sa mga isinasabatas na salah tulad ng sunnah sa Wudhu.	Walang parusa kapag nilabag
		5	Makruh	Ang pagpapahayag ng Nusuk bago pa sumapit sa Meeqat.	Walang parusa kapag nilabag
		6	Isinasabatas	Ipinahintulot ang pagtatakda kundisyon sa sinumang may kinatatakutan o nangangamba mula sa mga karamdaman o sakit na hindi makumpleto ang takdang gawain ng umrah, kaya maaari niyang bigkasin ang *(Allahumma in habasani habisun famahalli haythu habastani)* o Allah kapag hahadlangan ako ng isang hadlang, ang hihintuan ng aking Ihram ay kung saan mo ako hinadlangan, at hindi ipahintulot ang pagtatakda kung walang dahilan walang kinatatakutang makahahadlang sa kanya.	Walang parusa kapag nilabag
		7	Pinahihintulot	Pagsusuot ng Ihram sa masjid o kahit saang lugar sa Miqat.	Walang parusa kapag nilabag
		8	Sunnah	Pagsasagawa ng Talbiyah (pagbigkas ng malakas pagkatapos ng pagpasok sa nusuk, at pagbigkas ng malakas sa mga kalalakihan.	Walang parusa kapag nilabag *Tingnan ang (2)*
Ikalawa	(IKALAWANG HALIGI) TAWAF Magsasagawa ng Tawaf ng pitong beses	1	Sunnah	Ang pagligo sa habang papasok sa Makkah.	Walang parusa kapag nilabag
		2	Wajib	Na siya ay habang nagsasagawa ng tawaf nasa kalinisan .	Hindi Tanggap ang kanyang Tawaf
		3	Sunnah	Habang papasok sa Masjid Alharam unahin ang kanang paa at sasabihin : *(Bismillah wassalatu wassalamu ala rasulillah, Allahummag firli dhunubi Waftah li abwaba rahmatik, Audhu billahil adhim Wa wajhikal-karim Wa sultanihil qadim minas shaytanir rajim.)*	Walang parusa kapag nilabag
		4	Sunnah	Ang tuluy-tuloy na pagbigkas ng Talbiyah pagkatapos ng Ihram hanggang sa bago isasagawa ang tawaf.	Walang parusa kapag nilabag
		5	Wajib	Simulan ang pagsasagawa ng tawaf mula sa tapat ng hajr aswad *(batong itim)*, at nakagawi ang ka'bah sa tapat ng kanyang kaliwa.	Hindi Tanggap
		6	Sunnah	Sa bawat shawt *(isang buong pag-ikot sa ka'bah)* isasagawa ang paghipo sa hajr al-aswad at paghalik dito, o hipuin niya ito sa kanyang kanang kamay at halikan ito, o kaya sa pagsenyas ng kanyang kanang kamay o anumang bagay na hindi niya ito hahalikan at bibigkasin niya ang : *(Allahu Akbar)* at gayundin sa katapusan ng ika-pitong pag-ikot.	Walang parusa kapag nilabag
		7	Sunnah	Isagawa ang Raml *(paglakad ng mabilis habang magkasunod-sunod ang paghakbang)* sa unang tatlong pag-ikot, ngunit hindi magsasagawa ng Raml ang mga kababaihan.	Walang parusa kapag nilabag
		8	Sunnah	Isasagawa ang Idhtiba' habang nagsasagawa ng Tawaf lamang at hindi ito maaaring gawin habang nagdarasal (ang Idhtiba' : *(Ilagay sa kaliwang balikat ang kalagitnaang bahagi ng rida (balabal), pagsalubungin sa ilalim ng kanang kilikili ang mga bahagi nitong malapit sa magkabilang dulo nito at ipatong sa kaliwang balikat ang magkabilaan nito.)*	Walang parusa kapag nilabag
		9	Sunnah	Ang paghipo sa Yemeni Corner ng kanang kamay kapag may pagkakataon at hindi niya ito hahalikan, o lampasan na lamang niya ito kapag hindi niya kaya ni hindi sa pagsenyas at ni hindi rin sa pagbigkas ng Takbeer.	Walang parusa kapag nilabag
		10	Pinahihintulot	Maaaring huminto upang magsagawa ng obligadong salah o magpahinga o magsasagawa ng wudhu o paglipat sa ibang palapag nang hindi mahaba ang agwat sa pagitan nito.	Walang parusa kapag nilabag
		11	Sunnah	Ang bigkasin sa pagitan ng Yemeni Corner at hajr al-aswad ang : *(Rabbana atina' fiddunya hasanah wa fil akhirati hasanah waqina 'adhabannar.)*	Walang parusa kapag nilabag
		12	Sunnah	Isasagawa ang Dua sa bawat shawt (ikot) at walang naiulat na partikular Dua sa bawat particular na ikot.	Walang parusa kapag nilabag
Ikatlo	(Sunnah) Ang salah sa likuran ng Maqam Ibrahim at pag-inom ng Zamzam	1	Pinahihintulot	Ang pagtatakip sa dalawang balikat pagkatapos isagawa ang tawaf at siguraduhin ito habang nagsasagawa ng salah *(na ang Rida at Izar ay nakapatong sa dalawang balikat)*	Walang parusa kapag nilabag
		2	Sunnah	Ang Pagsasagawa ang dalawang rakaah na salah sa likod ng maqam Ibrahim pagkatapos ng tawaf.	Walang parusa kapag nilabag
		3	Sunnah	Ang basahin habang nasa maqam Ibrahim ang sinabi ni Allah : *(Wat Takhidhu Mim Maqaami Ibrahim Musalla).*	Walang parusa kapag nilabag
		4	Pinahihintulot	Maaari isagawa ang dalawang rakaah pagkatapos ng tawaf na kahit saang lugar mula sa loob ng Masjid Al-Haram.	Walang parusa kapag nilabag
		5	Sunnah	Babasahin sa unang rakaah ang surah {*Qul ya ayyuhal kafirun*} at sa pangalawang rakaah ay basahin ang surah {*Qul huwallahu ahad*} pagkatapos ng Surah Al-Fatihah.	Walang parusa kapag nilabag
		6	Sunnah	Uminom at magpakabusog mula sa tubig ng zamzam at manalangin habang siya ay umiinom nito.	Walang parusa kapag nilabag
		7	Sunnah	Balikan ang Hajr Aswad upang hipuin ito sa pamamagitan ng kanang kamay pagkatapos ng dalawang rakaah na salah at pagkatapos isagawa ang tawaf kung may pagkakataon at kung wala naman ay walang problema.	Walang parusa kapag nilabag
Ikaapat	(IKATLONG HALIGI) SA'EY Maglalakad ng pitong beses, mula Safa papuntang Marwah ay isa at pabalik ay isa rin ang bilang	1	Sunnah	Ang pagbigkas ng sinabi ni Allah : *(Innassafa' walmarwata min shaa'rillah)* kapag siya ay patungo o malapit na sa Marwah sa unang shawt (pagtawid) lamang at pagkatapos bigkasin ang *(abdau bima badaallahu bihi)*.	Walang parusa kapag nilabag
		2	Sunnah	Ang pag-akyat sa bundok ng safa' at marwah (maaaring tumigil at tumayo dito nang hindi na aakyat).	Walang parusa kapag nilabag
		3	Sunnah	Kapag siya ay aakyat sa safa' at marwah na humarap sa qiblah at iangat ang dalawang kamay at bigkasin ang panalanging ito nang tatlong beses at manalangin sa pagitan nitong dalawa *(alhamdulillih, allahu akbar, la ilaha illallah wahdahu la sharikalah, lahulmulku wa lahulhamdu wa huwa ala kulli shyin qadir la ilaha illallah wahdahu anjaza wa'dahu wa nasara abdahu wa hazamal ahzaba wahdah)* hanggang sa huling pitong shawt.	Walang parusa kapag nilabag
		4	Sunnah	Ang paglakad ng patakbo sa pagitan ng dalawang berdeng palatandaan *(itoy para sa mga kalalakihan lamang at hindi para sa mga kababaihan).*	Walang parusa kapag nilabag
		5	Sunnah	Ang magsagawa ng Du'a sa Sa'ey ngunit walang naiulat na partikular na panalangin bawat shawt.	Walang parusa kapag nilabag
		6	Pinahihintulot	Ang paghinto sa sa'y para isasagawa ang obligadong salah, o upang mamahinga o magsagawa ng wudhu, o ang paglipat patungo sa itaas na palapag, ngunit hindi dapat malayo ang agwat ng oras.	Walang parusa kapag nilabag
		7	Sunnah	Mag sagawa ng Sa'ey na nasa kalagayan ng kalinisan *(Ang kalinisan sa Sa'ey ay kaa aya at hindi obligado).*	Walang parusa kapag nilabag
Ikalima	(Wajib) Pagpapakalbo o Pagpapagupit	1	Wajib	Ang pagpapa-ahit o pagpapa-gupit pagkatapos ng tawaf at sa'ey upang makumpleto ang pagsasagawa ng umrah. *(at ang babae ay gugupitin lamang niya ang kanyang buhok nang kahit na isang pulgada).*	Magbabayad siya ng Fidyah
		2	Sunnah	Ang pagpapa-ahit: Ang propeta Muhammad sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ay nagsabi : *(O Allah, kaawaan ninyo po ang mga nagpapa-ahit, sabi nila : at ang mga nagpagupit o sugo ni Allah, sabi niya : O Allah, kaawaan ninyo po ang mga nagpapa-ahit, at itoy inulit niya nang tatlong beses sabi nila : at ang mga nagpagupit o sugo ni Allah, at sabi niya : at ang mga nagpagupit).*	Walang parusa kahit piliin lang niya ang pagpapagupit.

❖ SA PAMAMAGITAN NITO NAGING GANAP NA ANG IYONG UMRAH AYON SA MGA NAIULAT NA PAMAMARAAN MULA SA MAHAL NA PROPETA AT IPINAHIHINTULOT NA SAYO ANG LAHAT, TANGGAPIN NAWA NI ALLAH MULA SA ATIN ANG MGA MABUBUTING GAWA.. HUWAG NIYO KAMING KALIMUTAN SA INYONG MGA DU'A ❖